Likewise, we're going to file environmental crimes/violations against the officials of Zun Yuan and Bamban LGU as well. So, with regards to the other LGU officials that we are investigating together with the DILG, we're investigating the LGU of Lapu-Lapu City where the Tourist Garden Hotel was located. That's the city mayor of Lapu-Lapu city, Mayor Ahong Chan, and other officials of his LGU.

Likewise, we are doing case buildup against some local chief executive here in the Metro, because a good number of the POGO that we raided in the last few months were located here in Metro Manila.

**CHRISTIAN YOSORES/RADYO630:** May specific, mababanggit ninyo ba, sir, kung anong specific areas within the Metro iyong mga kaso po na..?

**PAOCC DIR. CASIO:** Well, you could always look at Google where most of these raids in Metro Manila were conducted. Obviously, the local chief executive in that particular location is also being investigated.

**CHRISTIAN YOSORES/RADYO630:** One last, sir. So, sa ngayon, sir, gaano kalawak pa iyong nakikita ninyo na POGO operations despite iyong policy natin? Significantly po bang nabawasan o parang lumala pa siya pero mas nahirapan lang tayong itunton dahil into smaller groups na iyong operation nila?

**PAOCC DIR. CASIO:** Well, considering that we have a whole-of-government approach in the fight against illegal POGOs – we have the immigration, Department of Justice, the PNP, NBI, the other law enforcement agencies – I think the 10,695 individuals that are still hiding in the country, medyo alam namin kasi kung nasaan sila. Kaya lang there are certain challenges that we are facing, nabanggit na nga po ni Ma'am Dana, kung nahuli natin biglaan sa loob ng dalawang buwan iyong 10,695 and we deport 200 every week, saan po namin iha-house initially ang mga ito. Then, of course, we have to secure the necessary legal documents, search warrants, mission orders and so on and so forth.

But rest assured, we have a good knowledge where they are located, a good number of them are actually hiding in plain sight. You see them in your local convenience store, your local malls and so on and so forth; congregating in Macapagal Avenue. So they're all over here in Metro Manila and many urban centers all over the country.

Gaya ng nasabi nga ni Miss Dana, antayin na lamang po ninyo iyong mga sunod-sunod naming operations, nagpahinga lang po kami ng BI kasi remember Feb. 13, dalawang operations ang kinonduct (conduct) namin ng Feb. 13, Feb.14 then Feb. 17, so sunod-sunod po. So, just give us a little room to breathe.

**PCO ASEC. DE VERA:** Sam Medenilla, Business Mirror.

**SAM MEDENILLA/BUSINESS MIRROR:** Good afternoon po, for Sir Casio, po, magpa-follow up lang po ako doon sa previous na question regarding kung ilan po bale iyong total LGU officials na nahaharap sa possible POGO involvement?

**PAOCC DIR. CASIO:** Ang nabanggit pa lang po natin ay una si Bamban mayor nga po 'no, iyong LGU ng Bamban ay mayroon po tayong case build up ongoing. Hindi lang po iyong nakahabla na po si Guo Hua Ping or si Alice Leal Guo, maging iyong ibang mga miyembro, iyong kasalukuyang alkalde, bise-alkalde at saka iyong mga miyembro ng konseho na nag-approve doon sa permit noong Zun Yuan Technology, maging iyong kanilang BPLO officer at saka iyong kanilang mga legal officer at saka iyong municipal administrator, that's for Bamban.

Now, with regards po Porac, ongoing na po, nakapag-file na tayo ng cases ng graft, laban kay Mayor Jing Capil at sa siyam na iba pa. Ngayon, doon naman po sa Lapu-Lapu City, ongoing pa po iyong case buildup and we're waiting for the result of our case buildup against Mayor Ahong Chan and the other officials of his LGU.

**SAM MEDENILLA/BUSINESS MIRROR:** For Metro Manila, sir?

**PAOCC DIR. CASIO:** For Metro Manila, we are looking at one major city here in Metro Manila, unfortunately I could not divulge the details of the case buildup. But you can always read between the lines kasi sunud-sunod na po iyong raid sa kaniyang teritoryo.

**SAM MEDENILLA/BUSINESS MIRROR:** Ano po, sir, iyong involvement usually noong mga local officials na may link doon sa POGO?

**PAOCC DIR. CASIO:** Usually kapabayaan po ito eh, 'di ba. This is a failure of their BPLO to conduct their visitorial and regulatory powers. Ang LGU po ay isa sa may pinakamalawak na visitorial at regulatory powers kaya hindi po sapat na kadahilanan iyong sasabihin ng alkalde na hindi ko alam, wala akong alam lalo kung sunud-sunod iyong mga POGO, iligal or legal man na napapasara sa kaniyang nasasakupan.

**SAM MEDENILLA/BUSINESS MIRROR:** For Ma'am Dana na lang po. Ma'am, paano po nakakalabas iyong mga na-involve doon sa POGO workers? Ano pong ginagamit nilang visa saka kung ano po—na-mention po nila na may mga countries na na parang target iyong mga Filipinos na na-involve. May stricter screening process ba tayo doon sa mga papunta doon na Filipinos?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** Doon sa mga Pilipino po na lumalabas that are recruited in POGO-like operations abroad, usually po niyan turista sila lumalabas, in the guise of a regular tourist. If you look at their profile, you look at their background, napakagaganda po ng mga backgrounds nila kasi ang target po nitong mga scam hubs or POGO-like operations na ito ay iyong may mga background in BPOs. So, ito po ay mga nakapagtapos sa magagandang paaralan, mayroon pong magagandang trabaho dito and marami po sa kanila ay may mga biyahe na. But you know, iyong mga kabataan po, they like exploring and trying out new things and are entice to offers that they see online – and iyon nga, they end up in scam hubs.

Ito pong mga nari-recruit na ito, mayroon po tayong mga nakukuhang information na may recruitment ongoing inside BPOs. So, iyong mga nagtatrabaho sa mga call centers, mga BPOs, mayroon pong mga kakuntsaba itong mga scam hubs abroad that are embedded inside BPOs that recruit iyong mga empleyado doon para lumabas po ng bansa.

Apart from that, marami din na nari-recruit on social media; mayroong mga Facebook groups, ang pangalan po ng mga Facebook Groups – POGO Hiring Abroad, POGO Work Abroad. If you search that, marami pong mga Facebook groups na ganiyan that offer POGO-like work sa iba pong bansa and ang target nila din, iyong mga BPO workers as well as iyong mga dating Pilipino na workers po ng POGO dito.

Doon po sa mga nari-repatriate, although I cannot give detailed information, but mayroon po doon sa mga nari-repatriate na mga dating POGO workers dito after noong stint nila sa POGO work dito – mga Pilipino po ito ano – after ng POGO work nila dito, they would leave the country and go to the other operations in other country at doon naman po sila mabibiktima at mari-repatriate po sila dito.

So, iyon po ang mga nakikita natin na trends ngayon when it comes to Filipinos that are being victimized by these similar operations.

**SAM MEDENILLA/BUSINESS MIRROR:** Thank you po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Maricel Halili, News5.

**MARICEL HALILI/NEWS5:** Hi, ma'am. Mgandang umaga. So, ibig sabihin mga young professionals po iyong karamihan sa nari-recruit 'no. Ma'am, do we have data kung ano iyong naging trend dito sa scam after noong December na deadline natin?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** Actually, the modus remains. I don't think nag-shoot up siya or tumaas siya kasi karamihan po when we look at the figures, majority naman po noong mga online gaming workers have left the country. It's just that may naiwan na mga remnants nitong online gaming. So, I don't think it's as big as an industry in the Philippines as it was before but that's why since wala na silang masyadong operations dito sa Pilipinas, they are expanding to other countries. And iyon nga po, dahil they are expanding to other countries, isa sa mga nabibiktima naman ngayon ay ang mga kababayan naman natin na lumalabas po ng bansa.

**PCO ASEC. DE VERA:** Eden Santos, NET25.

**EDEN SANTOS/NET25:** Thank you, Asec. Dale. Clarification lang po muna. Iyon pong 11,000-plus na natitira 'no, ngayon ay 10,695 na lang po iyon. So, since marami pa po iyong nandito at sabi ninyo naman po identified naman silang lahat ano po, mayroon po ba tayong deadline kung hanggang kailan natin sila dapat na mai-deport since alam naman po natin na itong POGO ay kasama sa mga campaign issue po na palaging binabanggit ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa mga kampanya ano po ng Alyansa ng Bagong Pilipinas? Mayroon po bang bagong order ang Pangulo para ma-washout na lahat itong mga POGO at mga illegal POGO workers na ito dito sa Pilipinas?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** For the BI po, it's a year-round activity. Priority po natin ito ngayon, actually doon po sa announcement po ng ating Pangulo, once he announced that, agad-

agad po nag-conduct tayo ng mga operations. And ang target po natin, by at least midyear majority po nitong 11,000 na ito ay napa-deport na natin ng Pilipinas.

**PCO ASEC. DE VERA:** Maricar Sargan.

**MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM:** Good morning, kay Sir Casio po. Last Saturday News Forum, nabanggit ni Executive Director Gilbert Cruz na tinitingnan na rin daw po ng PAOCC iyong online betting sa money payment app na GCash. Can you elaborate po regarding this?

**PAOCC DIR. CASIO:** Yes, ma'am. Kung maalala po ninyo, together with BI, we raided a loan shark/online betting platform doon sa Silang, Cavite noong nakaraang buwan at nakita po namin na iyong kanilang modus po doon is basically online betting through financial technology/FinTech 'no. So dito sa atin, ang fintech po natin dadalawa po iyan, dalawang major fintech – one is GCash and one is Maya. We're studying the possibility na maaaring nagagamit po iyong mga fintech na ito bilang gaming platforms and/or payment platforms. So, we would like to coordinate with fintech – GCash and Maya – nang sa gayon ay hindi po magamit iyong kanilang platforms sa ganitong mga uri ng mga scamming activities.

**MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM:** Follow up lang po, kay Ma'am Dana naman. Ma'am, puwede po ba naming malaman magkano na po iyong nagastos ng gobyerno sa pagpapa-deport and iyong everyday na gastos sa mga nahuhuling mga POGO worker?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** Tough question. Mas alam ng PAOCC iyon kasi mas marami silang gastos sa amin *[laughs]*. Pero ang budget for each ward is 70 pesos per day, yes. And then, iyong ating costs naman for the ticket and all is shouldered by the individual or the assistance through the embassy. So, hindi po gobyerno ng Pilipinas iyong gumagastos for their ticket, for the cost of their deportation from the Philippines.

**PAOCC DIR. CASIO:** I think I have a rough figure. We're able to spend 35 million pesos every four months that includes—35M for every four months that includes food, water, electricity, security officers and so on and so forth – lahat po ito, logistics and/or administrative cost – so 35 million per month; we started raiding last May 4 of 2023, we are not at February 19, roughly two years na po so we may have spent already, give and take, 210 million pesos to end this problem.

But, if you take a look at the amount, the amount of items that we have seized, properties and all, so we could be… depending on the market valuation to be conducted by the Anti-Money Laundering Council, we could have already gained anywhere between 20 to 30 billion pesos worth of real estate properties, fungible items, cars, name it. And so, inaantay pa po natin iyong evaluation but it's going to happen in the next two weeks kasi nagbigay na po ng order iyong Executive Secretary for the AMLC to conduct the market valuation on all items seized.

**PCO ASEC. DE VERA:** Katrina Domingo, ABS-CBN.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Thank you. Sir, follow-up lang po, didiretsuhin ko na 'no. Most of the POGOs that were raided in Metro Manila are in Pasay City. What cases do you expect or are possible to be filed against Mayor Emi Calixto-Rubiano? And how soon can these cases be filed?

**PAOCC DIR. CASIO:** Well, we're conducting an investigation, together with the Department of Justice and the DILG on the possible culpability of the LGU officials of this particular city, Pasay City. Because as I have mentioned, the very first raid that we conducted was SA Rivendell that

was in P. Zamora; the second was Zun Yuan Technology that is in corner FB Harrison and William Street, also in Pasay. We also conducted a raid in Kimberhi Technology, that's also in Pasay, that's the 3D Analyzer POGO. We also conducted lately a raid inside Heritage Hotel in Pasay.

Although, the local chief of police has always been with us in the fight against illegal POGO, but we're taking a look at the possible culpability, criminal liability of LGU officials, primarily those in the issuances of the mayor's permit, the BPLO certificates – the business permit so to speak. So, we have not yet reached a conclusion, together with the Department of Justice and the DILG on how to proceed but the case build-up is already ongoing – it's there.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Sir, may target end po ng investigation?

**PAOCC DIR. CASIO:** No, we don't set targets, ma'am, kasi it will be dependent on the evidence that would be presented during investigation.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Sir, last na. Heritage Hotel, mayroon po bang possible closure or suspension of their license due to the POGO raid there?

**PAOCC DIR. CASIO:** Nabanggit na po yesterday ni Executive Director Undersecretary Gilbert Cruz that we're taking a look at the criminal liability of Heritage Hotel. Kung napapansin po ninyo noong nakaraang mga taon, we didn't only go after the actual POGO personalities; we proceeded with civil forfeiture because we have to make sure na managot din po iyong may-ari ng mga properties. We have to hurt them where it hurts most – their pocket, their wallet – nang hindi na po nila mapagamit iyong kanilang mga properties sa ganitong mga iligal na gawain.

So, yes, we will definitely do a case build-up against the Heritage Hotel and its administration, its owner so to speak.

**ANNE SOBERANO/BOMBO RADYO:** Sir, good morning; puwede kay Sir Casio or kay ma'am. Ma'am, sa recruiters po nitong mga BPO workers and call centers, may identity na po ba tayo nito? May lead na po ba tayo kung sinu-sino ang mga ito? Are they mga Filipinos din or foreigners? At may nahuli na po ba tayo?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** Sa procedure po natin, sa paliparan kapag may nadi-determine tayo na trafficking case, we turn over the individual sa Inter-Agency Council Against Trafficking, so nandiyan po ang DOJ at ang NBI; ang NBI po ang magpapatuloy ng investigation to locate, mahanap po, maimbestigahan iyong mga recruiter ng mga biktimang iyon, and ang DOJ po ang magtutuloy ng kaso against the recruiter.

So far po, mayroon pong mga nahuli at naaresto at nakasuhan. So, nagpapasalamat sa other members of the IACAT kasi napakalaking bagay po noon sa atin kasi kahit mag-intercept tayo nang mag-intercept maghapon diyan sa paliparan buong taon kung ang recruiter nila ay nandiyan pa rin nananatili, hindi titigil iyong recruitment, lalung-lalo na alam natin na nag-i-expand pa itong mga POGO-like companies na ito sa iba't ibang bansa that's why parang lumalaki pa iyong market. Kaya we are thankful na nakakasuhan kasi hangga't walang nakakasuhan, walang nakukulong, lumalakas ang loob ng mga recruiters.

**ANNE SOBERANO/BOMBO RADYO:** May numbers po ba, ma'am, kung ilan?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** Unable lang to answer for ano, IACAT kasi it's under DOJ.

**ASEC. DE VERA:** I understand Director Casio would like to show something to the media.

**PAOCC DIR. CASIO:** Yeah, we have a video presentation on the eight-month target or deadline that we have given ourselves – by ourselves, I mean the technical working group against illegal offshore gaming operations. This is basically our roadmap on how we intend to proceed, together with BI and the other members of the technical working group in ending this problem. Hopefully, by September, we have significantly deported and filed charges against most of these criminals.

[AUDIO VISUAL PRESENTATION]

**PAOCC DIR. CASIO:** So, basically, the last part of AVP is our roadmap, what we intend to do in the next eight months, sana po matulungan ninyo kami. Again, I could not reiterate the usual call that I say during my interviews, we're seeking the help always of the LGU. They should be our partners. They should be partners of the national government in this fight kasi hirap po kami. Sabi nga ni ma'am, 10,000 pa iyong hahabulin namin. Kung hindi namin katuwang ang LGU, they should be part of the solution, not part of the problem. Thank you very much po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Sir, may habol lang po na two questions, one from Vonne Aquino of GMA.

**VONNE AQUINO/GMA:** For Ma'am Dana. Ma'am, kasi parang weird lang ano, na babalik pa sila doon sa ganoong klase ng trabaho, iyong mga Filipinos na lumilipat sa ibang bansa. So, papaano ba sila ulit nai-entice dito considering na alam natin na may torture 'di ba? Mayroon ding pagkukulong sa kanila. So papaano ba, ano iyong trick na ginagamit nitong mga illegal POGOs na ito?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL**: Maganda iyong offer, so ang offer sa kanila BPO. Ito may na-received lang ako, iyong isa sa mga sinearch [searched] ng kasamahan ko, working abroad, urgent hiring, CSR, Cambodia, direct hiring for Filipino workers, position, customer service representative. So, customer service representative iyong offer sa kanila. Pero pagdating doon, ibang klaseng customer service representatives, scamming pala, the offer is like 50,000 a month, which is higher than the rates that they would be getting here. Iyan, nakalagay dito knowledge lang ng basic computer, first time is welcome, free accommodation, free food, free hygiene kit, day-off twice a month, every two weeks, confidence is key – oh iyon lang ang kailangan mo, confidence lang.

**VONNE AQUINO/GMA:** So, ma'am, technically, hindi nila alam na POGO workers sila?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL**: They would risk it. Ang nangyayari is mayroong mga nagpapatunay na, ay ito, okay ito, iyon iyong pinakaano nila, parang middleman, iyong pinaka-middleman, it's not really a recruiter per se, but parang brand ambassador that would say na 'maganda itong pinagtatrabahuhan ko dito, this is what I get, you should also join us'. So the recruitment is not really the Filipino paying the recruiter, they do not pay anything that is why it's enticing, because it's free. Everything is free – their ticket, lahat, so ikaw as a Filipino, as an aspiring OFW would not have to pay for anything. So, it's interesting.

But when they get there, ikuwento ko na lang din iyong nangyayari. Pagdating nila, minsan sa Thailand or other countries, their passports would be taken, tinatawid sila ng border, like for example in the case of Myanmar, itatawid sila ng border, isasakay sila ng bangka. And they would go sa gitna ng jungle, iyon iyong lagi kong kinukuwento, sa gitna talaga ng jungle. Ito iyong kuwento ng mga na-repatriate, sa gitna ng gubat, mayroong compound. Doon sa compound na

iyon, there are, parang may two areas inside the compound. Sa area 1 is the regular BPO, so they a regular BPO operations. Sa kabilang building is the scam operations, so you are lucky if you are assigned doon sa regular BPO kasi hindi ka bubugbugin doon, but if you are assigned in the scam hub, bubugbugin ka or sasaktan ka if you do not meet the quota.

Ilan doon sa mga na-repatriate reports that they are required by their companies to pay a release fee, parang naglalaro sa mga P400 to P500,000 pesos na release fee para lang mabayaran iyong cost umano ng kanilang recruitment papunta doon. So, it’s not really, it’s a type of trafficking because it debt bondage, may utang ka na kaagad. Pero nai-entice iyong kababayan natin kasi when they go out, nothing, free everything, so wala silang ginagastos. But in reality, it’s debt bondage, kasi may utang na sila bago sila makauwi ng Pilipinas.

**VONNE AQUINO/GMA:** Ma’am, itong mga middleman na ito, pumapasok ito sa mga BPO o puro online lang ang recruitment nila?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** May nakukuha tayong reports na pumapasok sa BPOs at doon nagri-recruit.

**VONNE AQUINO/GMA:** So mayroon na po ba tayong pakikipag-usap sa mga BPO companies para at least matanggal po iyang mga iyan?

**BI SPOKESPERSON SANDOVAL:** In the ground, siguro iyong IACAT iyong would be more knowledgeable doon sa mga efforts in coordinating or informing on the ground. Pero sa atin, ang BI, apart from our operations natin sa mga paliparan, we release information noong mga ganito po na nai-encounter natin, lahat halos ng istorya ng mga trafficking ng mga ganito, nilalabas natin para may awareness ang mga tao kasi nakikita natin na hindi ito maliit na bagay. Medyo lumalaki ito, malaki na ito at lumalaki pa ito dahil sa continuous na expansion nitong mga syndicates na ito.

**PCO ASEC. DE VERA:** Last question, Eden Santos of NET 25.

**EDEN SANTOS/NET 25:** Kay Spokesperson Casio. Sir, malinaw po ang inyong—nabanggit ninyo na September iyong self-target deadline para ma-deport lahat ito. At sabi nga ninyo ay nananawagan kayo sa LGUs na maging part sila ng solution, not the problem. Do you consider po iyong Pasay na pugad po ng POGO dahil doon talaga karamihan iyong mga POGO Hub na nari-raid po natin?

**PAOCC DIR. CASIO:** It’s difficult not to say, yes. But let me qualify: The southern parts of Metro Manila have been identified as the locations of most of these illegal POGOs, most of these offshore gaming operations. The latest operations conducted by the Bureau of Immigration together with the National Bureau of Investigation in the Ri Rance Tower, that is within the Aseana complex. Diyan po sila nagtatago.

So, that's why we are always calling on the mayors, the mayors of the cities of Pasay, Parañaque and Makati to help us in the fight to rid the country of these POGOs because most of the reports that we have been getting are in these cities. We don’t want to politicize the problem because this is not a political matter; this is a law enforcement matter. But again, part of the solution of this law enforcement problem involves the decisive actions of the local chief executives of these aforementioned cities – Makati, Parañaque and Pasay.

**EDEN SANTOS/NET 25:** Sir, last na lang po, bakit po Pasay iyong paboritong maging pagtayuan ng ... ?

**PAOCC DIR. CASIO:** Ma'am, I don't have a criminal mind. I could not possibly identify what is lurking in the minds of these criminals, why they favor the locations of Pasay, Parañaque and Makati. But they are there. Iyong question ninyo, Ma'am, can I address that question. Because we have filed criminal cases also against Filipino recruiters or Filipinos that we have rescued from Myawaddy, KK Park in Myawaddy. We were able to rescue a good number of Filipinos, PAOCC I mean, together with the Office of Police Attaché of Bangkok, Thailand and the Department of Migrant Workers and Department of Foreign Affairs.

Napakarami pong Filipino ang pumupunta doon so allow me to issue a stern warning to our Kababayan: If you see a posting in Meta or Facebook or Telegram or wherever asking you to go to any of the following countries, a CSR, Cambodia, Laos, Myanmar, I'd rather not go to those places because you have a 50/50 chance of being tortured as indicated by Ma'am Dana – 50/50 chance of being tortured. And we have rescued Filipinos and Filipinas who were actual torture victims. We have videos of Filipinos being tortured in Myawaddy na na-rescue namin and hindi natin kayang sikmurain iyong ganoon klaseng torture.

Now, if someone recruits you to go to Bangkok, Thailand for a supposed CSR-related job, there is a 50/50 chance that you will be transported from Bangkok, once you arrive in Bangkok, you will be brought to the boundaries of Burma and/or Cambodia. We know the horror stories of Chinese actors, models, et cetera, landing in Bangkok for supposed entertainment jobs, but finding themselves in Myanmar. So, please do not be enticed by these high-paying jobs because it's not worth the risk.

Then, lastly, I'm calling on all our Filipino nationals here in the Philippines, if PAOCC arrests you together with foreign nationals in scamming hubs, we will file criminal charges against you. Look at the 114 Filipinas that we arrested in the online lending application, they are still in jail awaiting their ability to pay the bail, because we have filed five criminal charges against 114 Filipino nationals who are being involved in scamming.

Magkano ang piyansa – P250,000. So, hindi po sapat na dahilan ang sabihin na naghahanapbuhay lang kami, kung ang hanapbuhay mo ay gumawa ng krimen. Iyong nahuli po nating labinlimang Filipina na kasama noong anim na Koreano doon sa Heritage Hotel, we have decided already yesterday that we will file charges against all of them for this to be a stern warning, a very strong message to all Filipinos na kapag kayo ay nakisabwat doon sa mga foreign nationals na nagsasagawa ng scamming, ihahabla kayo at makukulong kayo, may pananagutan sa batas. Thank you.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you very much. Maraming salamat po, Director Casio at Spokesperson Sandoval. Dito na po nagtatapos ang ating press briefing ngayong araw. Maraming salamat, Malacañang Press Corps, at magandang umaga po.

##